**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# WIKANG FILIPINO, SALAMIN NG MAYAMANG KULTURA

**ni: ESTER C. MAGAAN, EdD**

Sa bawat hibla ng wika, tayong lahat ay nagkakaisa,
Sa mga salitang kayganda, ang kultura'y sumisigla.
Diwa't damdami'y umaalpas, sa bawat titik at tugma,
Wikang Filipino, pusong mayaman, kinatatayuan ng bansa.

Sa kundiman at harana, pag-ibig ay isinasalaysay,
Sa salawikain at bugtong, karununga'y isinasabuhay.
Sa dula at balagtasan, talino'y nahahayag,
Wikang Filipino, salamin ng kulturang sagana at marilag.

Sa ating kasaysayan, mga bayani'y nagwika,
Ng kanilang adhikain, sa bayan ay ipinakita.
Mga kwento ng kahapon, ngayon ay muling sinasariwa,
Wikang Filipino, tagapagmana ng lahing dakila.

Sa bawat rehiyon at bayan, iba't ibang dayalekto,
Ngunit sa puso't diwa, iisang tibok, iisang kwento.
Sa bayanihan at pagdadamayan, wika'y nagbibigay-daan,
Wikang Filipino, pag-iisa'y ating tagumpay na kay gandang pagmasdan.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Taglay nito'y kasaysayan, pagmamahal at pananalig,

Sa bawat salitang binibigkas, kultura'y buhay at umiigting.

Sa harap ng pagbabago, wika'y ating yaman,

Wikang Filipino, salamin ng ating pagkakakilanlan.

Sa mga tula at awit, kaluluwa ng bayan ay nasasalamin,

Sa bawat tugmang may tugon, pangarap natin ay inaangkin.

Sa sining at panitikan, wika'y nagbibigay-buhay,

Wikang Filipino, sa puso at diwa'y walang kapantay.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza